



PATNUBAY SA MISA

6 Agosto 2017

Kapistahan ng Pagbabagong-Anyo ng Panginoon

Taon A

LINGGO NG MGA KURA PAROKO

Si Hesus, Anak at Lingkod ng Diyos

Ang pagbabagong-anyo ni Hesus sa Bundok ng Tabor ay para sa kanya isang saglit ng pagpapahayag at kaluwalhatian. Iyon di'y isang karanasang nagpapatibay para sa tatlong itinatanging disipulo: Pedro, Santiago, at Juan, na masusubok sa kanilang pananam-palataya pagsapit ng pagpapakasakit at kamatayan ni Hesus.

Gayundin, ang pagbabagong-anyo ay dapat na maging isang karanasang nagpapatibay para sa ating lahat na nakikitungo sa kanya bilang tiyak na bukal ng ating kaligtasan at inspirasyon, lalo na sa mga panahon ng krisis at kawalan ng pag-asa. Nawa makabahagi tayo sa lakas ni Hesus sa pamamagitan ng ating pagdiriwang ng Eukaristiyang ito.

Ngayon din ay Linggo ng mga Kura Paroko at inaanyayahan tayong pag-ibayuhin ang ating pagpapahalaga sa lahat ng mabuting gawa ng mga kura paroko para sa kanilang mga kawan. Sa isang natatanging paraan, ipakita natin ang ating utang na loob sa ating kura paroko at sa kanyang mga katulong sa kanilang pagiging mga kasangkapan ng malasakit ng Diyos sa atin. Pasiglahin nawa sila ng inspirasyon ni San Juan Vianney.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa maliwanag na ulap, Espiritu ay lumantad. Ang D'yos Ama ay nangusap, "Ito ang mahal kong Anak, lugod kong dinggin ng lahat."

Pagbati

P–Pagpalain si Hesus, na Anak at Lingkod ng Ama. Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat!

B–At sumaiyo rin!

Pagsisipi

P –Sa paghahanda natin para sa pagdiriwang ng pagbabagong-anyo ng ating Panginoon, alalahanin natin ang nakasisirang bunga ng kasalanan sa ating buhay at hilingin natin sa Panginoong tayo'y pagalingin sa ating mga pagkakasala. (Manahimik saglit.)

P–Panginoong Hesus, naparito ka upang ipahayag sa amin ang pagmamahal at kaningningan ng Ama. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P –Panginoong Hesus, sa iyong pagbabagong-anyo, ipinahayag kang pinakamamahal na Anak ng Diyos. Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P –Panginoong Hesus, ikaw ang daan tungo sa buhay na walang hanggan at kaligayahan. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B –Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan

at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, sa pagliliwanag sa bagong anyo ng iyong Anak ang pananda ng aming sinasampalatayanan ay iyong binigyang-patunay sa pag-saksi ng aming mga ninuno at inihayag mong kami’y lubos na kinukupkop bilang mga anak. Ngayong kami’y nakikinig sa iyong Anak na pinakamamahal kami nawa’y pagindapating maging tagapagmanang kanyang katambal sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B –Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Dan 7:9-10.13-14*

Sa siping ito, inilalarawan ng may-akda ang kamahalan ng Diyos at pagluluklok sa trono ng “isang tila Anak ng Tao,” ang magiging hari ng sanlibutan magpakailanman. Ang ganitong pangitain ay gamit sa liturhiya ngayon upang ipakilala si Hesus bilang siyang maluwalhating “Anak ng Tao.”

L –Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Daniel

Habang ako’y nakatingin, may naglagay ng mga trono. Naupo sa isa sa mga ito ang isang nabubuhay magpakailanman. Kumikinang sa kaputian ang kanyang kasuotan at parang lantay na lana ang kanyang buhok. Ang trono niya’y nagniningning. Ang mga gulong nito ay apoy na nagliliyab.

Waring agos ng tubig ang apoy na bumubuga mula sa trono. Ang naglilingkod sa kanya’y isang milyon bukod pa sa milyon-milyong nakaantabay. Humanda na siya sa paggagawad ng hatol at binuksan ang mga aklat.

Patuloy ang aking pangitain. Ang nakita ko naman ay isang tila taong nakasakay sa ulap. Bumaba ito at lumapit sa nabubuhay magpakailanman. Binigyan siya ng kapamahalaan, ng karangalan at ng kaharian. Siya ay paglilingkurang ng lahat ng tao, bansa at wika. Ang pamamahala niya ay di matatapos, at di babawiin, at hindi mawawasak

ang kanyang kaharian.

Ang Salita ng Diyos!
B –Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 96*

B –Panginoon’y maghahari, lakas n’ya’y mananatili!

R. M. Velez



* Ang Poon ay maghahari, magalak ang kalupaan! Lahat kayong mga pulo ay magsaya at magdiwang! Ang paligid niya’y ulap na lipos ng kadiliiman, kaharian niya’y tapat at salig sa katarungan. *B.*

* Yaong mga kabunduka’y natutunaw, parang pagkit, sa harapan ng dakilang Panginoon ng daigdig. Sa langit ay nahahayag yaong kanyang katuwiran, sa lupa ay makikita ang kanyang kadakilaan. *B.*

* Ikaw, Poon, ay Dakila at hari ng buong lupa, dakila ka sa alinmang mga diyos na ginawa. *B.*

Ikalawang Pagbasa *2 Ped 1:16-19*

Ang karanasan sa pagbabagong-anyo ni Hesus sa Bundok ng Tabor kailanma’y di naglaho sa alaala ni Apostol Pedrong nakasaksi ritong kasama nina Santiago at Juan. Paminsan-minsan niya itong tinutukoy sa kanyang pangangaral at pagsulat, gaya ng maririnig natin sa Ikalawang Pagbasa ngayon.

L –Pagpapahayag mula sa Ikalawang Sulat ni Apostol San Pedro

Mga pinakamamahal: Ang ipinahayag namin sa inyo tungkol sa muling pagparito ng ating Panginoong Hesuskristo, na puspos ng kapangyarihan, ay hindi sa mga alamat na katha lamang ng tao. Nasaksihan namin ang kanyang kadakilaan nang ipagkaloob sa kanya ng Diyos Ama ang karangalan at kapurihan. Ito’y nangyari nang marinig ang tinig mula sa Dakilang Kaluwalhatian ng langit: “Ito ang pinakamamahal kong Anak;

siya ang lubos kong kinalulugdan.” Narinig namin ito sapagkat kami’y kasama niya sa banal na bundok.

Kaya naman lalong tumibay ang aming paniniwala sa ipinahayag ng mga propeta. Makabubuting ito’y pag-ukulan ninyo ng pansin, sapagkat ang nakakatulad nito ay isang ilaw sa karimlan na tumatanglaw sa inyo hanggang sa mamanaag ang Araw ng Panginoon at ang sinag ng tala ng umaga’y maglagos sa inyong puso.

Ang Salita ng Diyos!
B –Salamat sa Diyos!

Aleluya *Mt 17:5k*

B –Aleluya! Aleluya!
Sabi ng D’yos ay pakinggan ang Anak n’yang minamahal na lubhang kinalulugdan. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Mt 17:1-9*

Ang salaysay ng pagbabagong-anyo ay nagdulot kina Pedro, Santiago, at Juan ng kinakailangang paglilingaw tungkol sa kung sino nga si Hesus at sa kanyang pambihirang misyon bilang “Lingkod ng Panginoon.”

P –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B –Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon: Isinama ni Hesus si Pedro, at ang magkapatid na Santiago at Juan, at sila’y umakyat sa isang mataas na bundok. Samantalang sila’y naroon, nakita nilang nagbagong-anyo si Hesus: nagliwanag na parang araw ang kanyang mukha, at pumuting parang busilak ang kanyang damit. Nakita na lamang at sukat ng tatlong alagad sina Moises at Elias na nakikipag-usap kay Hesus. Kaya’t sinabi ni Pedro kay Hesus, “Panginoon, mabuti pa’y dumito na tayo. Kung ibig ninyo, gagawa ako ng tatlong kubol; isa sa inyo, isa kay Moises at isa kay Elias.” Nagsasalita pa siya nang liliman sila ng isang maningning na ulap. At mula rito’y may tinig na nagsabi, “Ito ang minamahal kong Anak na lubos kong kinalulugdan. Pakinggan ninyo siya!” Ang mga alagad ay natakot nang gayon na lamang nang marinig nila ang tinig, at sila’y napasubasob. Nguni’t nilapitan sila ni Hesus at hinipo. “Tumindig kayo,” sabi niya, “huwag kayong matakot!” At nang tumingin sila ay wala silang nakita kundi si Hesus.

At habang bumababa sila sa bundok, iniutos ni Hesus sa kanila,

“Huwag ninyong sasabihin kaninuman ang pangitain hangga’t hindi muling nabubuhay ang Anak ng Tao.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Nagbagong-anyo si Hesus habang siya’y nagdarasal. Nananalig sa bisa ng panalangin, idulog natin ang ating mga kahilingan sa Bukal ng lahat ng biyaya:

B—Mahabaging Diyos, dinggin Mo kami!

* Para sa Simbahang Panlahat: Nawa ang mabuting asal ng kanyang mga miyembro ay maging bukal ng inspirasyon at kaliwanagan sa ibang tao. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa at lahat ng pinunong relihiyoso: Nawa magtagumpay sila sa pagtatanim sa puso ng bawat isa ng pagmamahal sa panalangin at pagsunod sa Mabuting Balita. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa may malubhang sakit na halos matuksong mawalan na ng pag-asa: Nawa makatagpo sila sa pagbabagong-anyo ni Hesus ng lakas at pampasiglang kailangan nila upang ihanda ang kanilang sarili para sa kanilang pakikipagtagpo sa kanya. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa kabataang ang pakiramdam ay hindi sila nauunawaan ng kanilang mga magulang at guro: Nawa makita nila sa mga turo at halimbawa ni Hesus ang solusyon sa kanilang problema. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating kura paroko at iba pang pari sa ating parokya: Nawa gantimpalaan sila ng Panginoon sa kanilang pagkabukas-palad sa pagtugon sa ating mga pangangailangang espirituwal, sa paghahati ng banal na tinapay ng salita ng Diyos, ng Eukaristiya, at iba pang sakramento. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating pamayanan: Nawa magpasalamat tayo at makipagtulungan sa paglilingkod ng ating kura paroko at kanyang mga katulong at tayo nawa’y maging kasiya-siya sa kanila. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*) Manalangin tayo! **B.**

P—Panginoong Diyos, itulot Mong malugod kaming makinig sa turo ng Iyong nagbagong-anyong Anak at ito’y isabuhay, upang kami’y magalak sa kanyang presensiya sa Kaharian ng Liwanag kung saan siya nabubuhay at naghahari magpakailanman. **B—Amen!**



P—Manalangin kayo . . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, ang mga hain namin nawa’y maging banal sa liwanag ng bagong anyo

ng Anak mong mahal. Ang kadilimang dulot ng kasalanan sa amin ay maparam nawa sa sinag niyang maningning sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B—Amen!**

Prepasyo

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ipinakita niyang siya’y maningning habang ang mga piling alagad ay nakatingin. Pinuspos niya sa kaliwanagan ang katawan niyang di iba sa karaniwan. Dito’y pinawi niya ang pangamba’t takot ng mga alagad sa magaganap sa krus. Dito’y inilahad niya sa kanyang sambayanan na magli-liwanag ang tanang kanyang pinangunguluhan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B—Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B—Ama Namin . . .

P—Hinihiling namin . . .

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B—Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P–Ito ang Kordero ng Diyos na nagbagong-anyo sa harap ng kanyang mga alagad. Siya ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Kapag si Kristo'y lumitaw tayo'y maliwanagan at magiging kalarawan, kawangis ng kagandahang maningning n'yang tinataglay.

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, ang tinanggap naming banal na pakikinabang ay siya nawang magpabago sa amin sa ikapagiging kalarawan ng niloob mong magpamalas ng pagliliwanag sa bagong anyo bilang aming Taga-pamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B–Amen!

PAGWAWAKAS



P–Sumainyo ang Panginoon.
B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)
Itulot nawa ng makapangyarihang Diyos na kayo'y makabahagi sa pagbabagong-anyo ni Kristo sa pamamagitan ng inyong pagsunod sa kanyang mga turo!

B–Amen!

P–Tibayan nawa ng Kanyang pagmamahal ang inyong pananampalataya upang magpunyagi kayo sa mabubuting gawa!

B–Amen!

P–Gabayan Niya nawa kayo tungo sa Kanya nang kayo'y makabahagi sa Kanyang liwanag magpakailanman!

B–Amen!

P–Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B–Amen!

P–Humayo kayo sa kapayapaan at hubugin ang mundo sa larawan ni Kristo.

B–Salamat sa Diyos!

Ang mga Kura Paroko – mga Di-Kilalang Bayani

Tayong mga Pilipino'y may mahabang talaan ng mga di-kilalang bayani. Dito'y nangunguna na ang mga OCW. Marami sa ating mga kababayan ay naghahanapbuhay sa ibang bansa para sa kani-kanilang pamilya at para makatulong sa pananalapi ng kanilang bayan.

Higit pang marami sa mga OCW ay dalawa pang uri ng Pilipinong mga bayani ring tunay ngunit bihirang parangalan. Ito ang mga ama't inang nagtitiis ng hirap ng pagtataguyod sa kani-kanilang pamilya at pagpapaaral at pagpapalaki sa kani-kanilang mga anak. Ang kanilang kontribusyon sa buhay pamilya at pagbuo ng bansa ay bihirang mabanggit, maliban kung Araw ng mga Ina at Araw ng mga Ama.

Subalit lalong bihirang mabanggit at ipagdiwang ang pagbibigay-pugay sa ating mga kura paroko. Sila ang mga tunay at lubos na nakatalaga sa kapakanan ng mga pamayanan ng mananampalataya sa mga parokya. Karamihan sa kanila'y totoo namang matatalino. Kung hindi sila nagpari, maaari sana silang naging matatagumpay na *professionals*, gaya ng mga abogado, *managers*, atbp.

Isinuko nila ang mga gayong pagkakataon upang ipatungkol ang kanilang mga kakayahan at sigla sa mga relihiyosong pamanayang inihabilin sa kanilang pangangalaga. Ang opisyal nilang tungkulin ay dasalin ang kanilang *breviary*, magmisa, magdulot ng iba pang sakramento, dumalo sa mga libing, mangaral, at magtaguyod ng iba pang panrelihiyon at espirituwal na gawaing tungo sa

ikasisigla't ikapagiging mabunga ng kanilang parokya.

Gayunman, nahihigitan pa ng ating mga kura paroko ang kanilang mga nakatalang tungkulin. Malimit din silang maging mga kasanggunit't tagapayo, tagapamagitan sa mga di nagkakasundo, tagapagtanggol sa mga walang pambayad sa mga propesyunal na abogado; sila ang mga tagatulong sa iba't ibang karaniwang kategorya. Sila rin ang mabisang nagpapalimos na kumakatok sa mga pintuan at puso para manghingi ng perang kailangan ng mga taong mahihirap na di makalapit sa mga binakura't may bantay na mga tahanan ng mayayaman. Anupa't sinisikap ng ating mga kura parokong maging Mabuting Pastol, gaya ni Pablo at ni Hesus.

Kung sa bagay, tulad ng sa ibang kategorya ng tao, di lahat ng mga kura paroko ay maituturing na uliran. May ilan din sa kanilang nagkukulang. Ngunit di tayo dapat maghatol sa isang kategorya ng mga tao alinsunod sa pagkukulang o kapabayaang ng ilan sa kanilang kasamahan. Di rin natin dapat isumpa ang mga nagkamali. Maaari ring di sila nakatanggap ng kailangan nilang tulong sa kanilang pinamumunuan. Ipaubaya natin sa Diyos ang paghatol!

Samantalain sana natin ang unang Linggo ng Agosto – Linggo ng mga Kura Paroko – upang ipakita ang ating pagpapahalaga at pasasalamat sa ating mga kura paroko, kasabay ng ating mga tanging panalangin para sa lahat ng mga kura paroko sa ating bayan.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Dy, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua